TAGALOG

MGA BAGAY NA NAGAWA NA NG HANGGANG MAYO 16, 2007

KAMI AY UMAASA NA INYONG TITINGNAN ANG MGA BAGAY NA NAGAWA NA AT ANG MGA DATOS, AT PAGKATAPOS AY IBAHAGI ANG INYONG MGA PUNA AT MUNGKAHI.

POSIBLENG BALANGKAS PARA SA TAKDA NG MAG-AARAL – PARA PAG-USAPAN

KABUUANG NILALAMAN

Ang binagong Plano sa Pagtatakda ng Mag-aaral ay kinakailangang makapagbigay ng:

- Ang pinakamagaling na kondisyon sa pagkakamit ng kakayahan
- Ang dapat mangyari
- Pagpapatuloy
- Pagpipilian

Ang plano ay kinakailangan na:

- Suportahan ang mga ipinalalabas na batas para matulungan na makamit ng mag-aaral ang kakayahan sa lilipatan ng makapagbigay ng K-8 na ugnayan, nagtutulungan at may pananagutan.
- Magbibigay ng nakatalagang heograpikal-na lokasyon base sa takda ng paaralan na makapagbibigay ng NARARAPAT NA MANGYAYARI at madaling mapuntahan ng mga pamilya.
- Mabigyan ang mga elementarya hanggang middle school ng lilipatan para MAKAPAGPATULOY ang mga bata at makatulong sa dami ng sumasaling pamilya sa kanilang mga paaralan.
- Patuloy na mabigyan ng pagkakataon na MAKAPILI ng paaralan.
- Makatarungan na maibigay ang mga espesyal na programa ng makamit ang mga pangangailangan ng mga English Language Learners (Mga Mag-aaral na Nag-aaral ng Wikang Ingles), Advanced Learners (Mga Mag-aaral na Matatalino), at mga mag-aaral na kailangan ng espesyal na edukasyon.

KAUGNAYAN NG PLANO SA TEMA NG PAMARAAN NG DISTRITO

Pagkakamit ng Kakayahan at ang Puwang sa Pagkakamit ng Kakayahan – Ang Plano sa Pagtatakda ng Mag-aaral ay kinakailangan na:

- Matulungan na makuha ang nasayang na oras sa pag-aaral kapag lumipat ang pamilya – dahil sa kaguluhan ng kasalukyang plano sa pagtatakda ng mag-aaral (pinakanaaapektuhan ay mga nangangailangan na mag-aaral).

- Maayos ng mabawasan ang epekto sa paglipat ng pamilya sa pagpapatuloy sa pag-aaral.

- Makita ang mga espesyalistang programa base sa pinakamagaling na paraan ng pagtuturo at pagiging malapit sa mga mag-aaral na nangangailangan ng mga programang iyon.

Pamumuno at Pananagutan – Ang Plano sa Pagtatakda ng Mag-aaral ay kinakailangan na:

- Maging makabuluhan ang pananagutan (kapag ang mga mag-aaral ay lumipat bilang isang grupo).

- Magkaroon ng pagkakataon at pananagutan na makita ang mga nawawalang mag-aaral.

Mapanindigan ang Pananalapi at Sistema – Ang Plano sa Pagtatakda ng mag-aaral ay kinakailangan na:

- Tamang paggastos hangga't maari para maipatupad at mapanatili sa mahabang panahon.

- Makapaglakad papuntang paaralan ng ligtas at makakatotohanan ang layo.

- Pagbibigay sa mga paaralan at departamentong central ng impormasyon sa tamang panahon

- Maging mas madali sa mga paaralan na maunawaan at makatulong ng hindi nadadagdagan ang kanilang trabaho.

- Mabawasan ang pagbaba ng takda sa pagitan ng elementarya at middle schools.

- Maging mas mabenta sa pamamagitan ng pagbibigay ng dapat na mangyayari at pagpapatuloy para sa mga pamilya.

Pakikipagtipan ng Pamilya at Pamayanan – Ang Plano sa Pagtatakda ng Mag-aaral ay kinakailangan na:

- Madaling maunawaan. Isang simpleng plano na mas makatarungan, dahil sa mas maraming pamilya ang makakaunawa sa plano at proseso ng takda.

- Gawing madali ang pagpunta sa mga paaralan ng mga pamilya, lalo na sa mga mahirap isali.

- Mapalakas ang relasyon sa pagitan ng mga pamilya at paaralan sa mahabang panahon.

- Maipagpatuloy ang kinaugaliang pagsali ng mga pamilya sa mga paaralang elementarya sa panahon ng middle schools kapag ang mga mag-aaral ay lumipat bilang isang pangkat.

- patuloy -

MGA MAARING PAGPILIAN SA HAISKUL – para pag-usapan

Paglalarawan

1. Makakapili sa buong lungsod – walang pagbabago sa tiebreakers (pag-aalis ng tabla) (mga kapatid, layo, loterya)

2. Buong lungsod, nguni't ipoproseso muna ang unang pinili, at iba pa.

3. Nakatalagang paaralan ayon sa heograpikal na lokasyon
    - siguradong itatakda sa nakatalagang paaralan kung unang pinili
    - pinili nguni't hindi nireserba

4. Nakatalagang paaralan ayon sa heograpikal na lokasyon
    - siguradong itatakda sa nakatalagang paaralan kung unang pinili
    - porsiyento ng espasyo (10%-20% ?) na itatalaga para sa pinili

Maaring Tiebreakers

(maaring gamitin ng hindi naayon sa pagkakasunod-sunod sa ibang mga pinili)

- Mga kapatid
- Nakatalagang paaralan
- Layo
- Unang pinili
- Loterya
- Lahi/Katutubo
- Kahirapan sa buhay